# Teacher's Guide Primary 3

**Aralin 1 Ang Kapahayagan ng Diyos**

Totoo: Alamin, sundin at huwag kalimutan ang mga utos ng Diyos upang makapamuhay ng payapa at maging kaluguran sa Diyos at tao. Reference: Kawikaan 3:1-4
Mabuti: Magbasa at mag-aral ng Bibliya.
Tama: Maglaan ng oras sa pag-aaral ng salita ng Diyos.

A. Panalangin

- Matapos magdasal ay ihanda ang mga bata sa pagsisimula ng aralin. (Ganito rin ang iyong gawin sa susunod pang mga aralin)

B. Motivation

- Alamin sa mga bata kung mayroon silang Bibliya sa bahay. Tanungin sila kung ano ang benepisyo na maku-kuha nila sa pagbabasa nito.

C. Bible story: **Ezra (Ezra 7-10)**

Si Ezra ay isang pari at escriba na mula sa lahi ni Aaron. Siya ay tagapag-alay ng mga handog sa Diyos para sa bansang Israel. At siya ay taga-copya ng mga kautusang ibinigay ng Diyos kay Moses. Kaya si Ezra ay bihasa sa kautusan ng Diyos at ito ay kanyang pinamumuhay.

Ibinuhos niya ang kanyang panahon upang ituro ang mga batas ng Diyos sa Israel patungkol sa mga alituntunin at kahatulan. Nagkaroon ng pagkakataon sa buhay ni Ezra na magamit siya ng Panginoon na muling pangaralan ang mga Israelita sa kanilang pagsuway sa mga kautusan ng Diyos.

Hindi naging madali ang ginawa ni Ezra ngunit dahil ang Diyos ang gumagabay sa kanya, maraming Israelita ang naki-nig at sumunod sa kanya.

Maging si Haring Artaxerxes ay pinagkakaloob ang mga kahilingan ni Ezra sapagkat nakita niya na ang Diyos ang gumagabay sa kanya.

Mayroon ding pagkakataon na sinabi ng hari sa isa sa kan-yang mga utusan na lahat ng taga-ingat yaman sa kanyang nasasakupan ay ipagkakaloob ang anumang kakailanganin ni Ezra sa kanila at ito ay gagawin nila ng may kasipagan.

Ang mapagpalang kamay ng Diyos ay na kay Ezra sapagkat naging maimpluwensya siyang nilalang hindi lang sa bayan ng Diyos kundi maging sa iba pang nasyon.

D. Familiar Story

***Ang Marunong na Bata***

Ang klase nina Jiani ay pupunta sa health center upang sila ay magpabakuna. Napakaraming tao pag dating nila doon. Binigyan ang bawat estudyante ng numero.

Palihasa'y puro mga bata, madali silang mainip sa pila. Ang iba ay umaangal na. Inilabas ni Jiani ang kanyang coloring book at mga pangkulay.

*Jiani*: Magcolor na lang tayo Ginnie. Para hindi tayo mainip.

*Ginnie*: Ang galing mo naman. Buti meron kang dalang coloring book.

*Jiani*: Ang bilin ni Nanay, lagi akong magdala ng coloring book o kaya libro para hindi ako mainip pag naghihintay.

E. Activity time

- Sagutin ang Activity sa workbook. Ipaliwanag ng husto ang gagawin ng mga bata. (Ganito rin ang iyong gawin sa susunod pang mga aralin)

F. Gabay ng buhay

- Muling balikan ang kuwento.
- Bigyang diin na dapat tularan natin si Ezra na ginugol ang kanyang buhay sa pagsasa-liksik, pag-aaral at pagsasabuhay ng kautusan ng Diyos.

G. Mabuting Mamamayan

- Tanungin ang mga bata: Anong mga bagay ang pinagka-kaabalahan nila sa tuwing sila ay walang ginagawa? Naglalaan ba sila ng oras sa pagbabasa ng Bibliya? (Pakinggan ang kanilang mga sagot.)
- Bigyan diin na ang batang tulad nila ay dapat na maglaan ng oras sa pagbabasa ng salita ng Diyos sapagkat gaya ni Ezra ang taong maalam at nagsasapamuhay ng kautusan ng Diyos ay namumuhay ng may kapayapaan at nakapag-bibigay ng kaluwalhatian sa Diyos at sa ibang tao.

H. Preventive Health Care — *First Aid Para sa Kagat ng Hayop (Aso o Pusa)*

- Malimit tayong makakita ng mga aso o pusa na pakalat-kalat sa kalye. Dahil sa walang nag-aalaga dito, sigura-dong hindi ito nabigyan ng anti-rabbies. Ang iba naman ay may nag-aalaga nga pero hindi pa rin nabigyan ng anti-rabbies.
- Kailangang tandaan na delikado ang kagat ng mga hayop dahil sa rabbies nila na maaaring magdulot ng pagkamatay kung hindi maaagapan.

*Mga Dapat Gawin:*

a) Pigilan ang pagdurugo sa pamamagitan ng pag-aaply ng pressure o pagtataas ng apektadong bahagi ng katawan.
b) Linisin mabuti ang parte ng katawan na nakagat ng hayop. Itapat ito sa tumutulong tubig at sabunin mabuti. Pagkatapos sabunin, itapat itong muli sa tumutulong tubig sa loob ng limang minuto.
c) Huwag itong lagyan ng cream o ointment.
d) Matapos linisin, dalhin agad ang biktima sa doktor upang mabigyan ng vaccine na lalaban sa rabbies

I. Homework

- Ipaliwanag ng maayos ang homework sa kanilang work-book.
- Sabihin sa mga bata na maaari silang magpatulong sa kanilang magulang.
- Ipasaulo sa kanila ang Kawikaan 3:13-14 – Mapalad ang taong nakasumpong ng karunungan, ang taong nagkamit ng unawa, pagkat siya’y pakinabang na higit pa sa pilak.
- Ganito rin ang iyong gagawin sa susunod pang mga aralin at ipasaulo ang verse na makikita every after lesson)

J. Magwakas sa isang panalangin. (Ganito rin ang iyong gagawin sa susunod pang mga aralin. Laging magwakas sa isang panalangin)

**Aralin 2 Ang Katapangang Mula sa Diyos**

Totoo: Ang Diyos ay palagi nating kasama kaya't hindi dapat matakot o mangamba anuman ang kinakaharap.   Reference: Isaias 41:10

Mabuti: Magtiwala sa Diyos at sa kanyang mga pangako.

Tama: Paglabanan ang kaduwagan o pag-aalinlangan. Magti-wala ka sa Diyos.

B. Motivation — Alamin sa mga bata kung sila ay nakaranas ng makaramdam ng pagkatakot o pagkaduwag at sa kung anong pagkakataon ito. Tanungin kung paano nila ito pinaglabanan.

C. Bible story: **Zerubbabel (Ezra 3:2-5:2, Nehemiah 12:47, Haggai 1:1-2:23, Zechariah 4:6-10)**

Si Zerubbabel, na gobernador ng Judah, ay nagbalik sa Jerusalem at Judah nang siya ay mapalaya mula sa pagka-alipin sa Babylon. Kasama niya sila Joshua, na punong saserdote, ang iba pang mga saserdote at mga Israelita sa pagbabalik sa kanilang bayan.

Itinayo muli ni Zerubbabel ang altar ng Diyos sa tulong ng mga saserdote at mga Israelita upang sila ay makapaghandog sa Diyos. Nabalitaan ng mga kaaway ng mga Israelita na muling itatayo ang Templo ng Diyos kaya sila ay nagpunta kay Zerubbabel at nagsabing: *Tutulungan namin kayo sa pagtatayo ng templo para makapaghandog din kami sa inyong Diyos.*

Sumagot si Zerubbabel: *Hindi kayo dapat magkaroon ng bahagi sa pagtatayo ng templo ng aming Diyos.* Kaya naman ang mga kaaway nila ay hindi tumigil at patuloy na gumawa ng paraan upang masira ang loob nila Zerubbabel at ng kanyang mga kasama. Sina Zerubbabel ay naglagay ng mga bantay sa bawat paligid ng kanilang itinatayong templo.

Ang Diyos na makapangyarihan sa lahat ang gumabay sa kanila, pinalakas ang kanilang loob at sinabi kay Zerubbabel na — *Huwag kang matatakot dahil Ako ay sasainyo at hindi kayo matatalo ng lakas at kapangyarihan ng inyong mga kaaway.* Sinabi ng Diyos na si Zerubbabel na naglatag ng pundasyon ng templo ay siya ring tatapos nito.

D. Familiar Story

***Magpakita ng Katapangan***

Si Ellen ay laging nakakaramdam ng takot sa tuwing oras ng kanilang klase. Kinakabahan siya kapag tumatawag na ng mga pangalan ang teacher nila para sa recitation kahit alam niya ang sagot sa mga tanong. Ito ay napapansin ng teacher kaya kinausap niya ang bata.

*Teacher*: Ellen, may problema ka ba? Bakit natatakot kang sumagot tuwing may recitation tayo?

*Ellen*: Sorry po Mam. Hindi ko po alam kung bakit ako ganito.

*Teacher:* 'Wag kang matakot. Tutulungan kitang mapagtagum-payan ang takot na nararam-daman mo. Pero kailangan, tulungan mo rin ang iyong sarili.

*Ellen:* Opo Mam. Ano po ang dapat kong gawin.

*Teacher:* Subukan mong mag-practis magbasa ng malakas sa bahay niyo. Isipin mong may mga nakikinig sa iyo.

Ginawa nga ni Ellen ang sinabi sa kanya ng teacher.

Lumipas ang ilang linggo, nagkakaroon na ng kompyansa sa sarili si Ellen. Unti-unti rin nababawasan ang kanyang pagiging mahiyain at matatakutin. Nagpasalamat siya sa teacher dahil hindi siya pinabayaan nito.

F. Gabay ng buhay

- Muling balikan ang kuwento.
- Bigyang diin na gaya ni Zerubbabel dapat na magtiwala sa Diyos sapagkat Siya ay laging nandyan upang tulungan at gabayan tayo kaya't hindi dapat tayo pangunahan ng anumang takot o pangamba.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na ipinagkaloob ng Diyos ang mga tao sa paligid natin gaya ng mga magulang at guro upang palakasin ang ating loob sa tuwing nakaka-ramdam ng pagkatakot o pag-aalinlangan.
- Matutong makinig at sumunod sa payo nila.

**Aralin 3 Ang Kahusayang Mula sa Diyos**

Totoo: Ang Panginoon ang aalalay sa atin sa lahat ng ating gagawin. Siya ang pinagmumulan ng katapangan at kahusayan upang maisagawa ang mga gawain.
Reference: Awit 54:4

Mabuti: Humiling at magtiwala na ang Diyos ang umaalalay sa atin.

Tama: Magbasa ng salita ng Diyos upang magamit ito ng mahusay sa pagpapayo sa kaibigan.

B. Motivation

- Tanungin ang mga bata kung saang bagay sila mahusay. Alamin sa kanila kung kailan at sa paanong paraan nila ginagamit ito. At kung ginagamit ba nila ito para sa Diyos.

C. Bible story: **Nehemiah (Nehemiah 1-2, 6:15-19)**

Si Nehemiah, na isa sa mga propeta ng Diyos, ay naiyak sa ibinalita ng kanyang kapatid na si Hanani patungkol sa masamang kalagayan ng mga pader at gate ng kanilang bayan. Siya ay nanalangin sa Diyos ng ilang araw. Humingi siya ng kapatawaran sa kanyang kasalanan at sa mga kasalanan ng mga Israelita. Hiniling niya sa Diyos na pakinggan ang kanyang mga pana-langin.

Nang dalhan ni Nehemiah si Haring Artaxerxes ng alak, napansin ng hari ang malungkot niyang mukha. Sinabi ni Nehemiah ang dahilan nang tanungin siya ng hari. Kaya humingi siya ng permiso sa hari na maitayo muli ang mga pader ng Jerusalem.

Humingi din siya ng sulat para sa mga pinuno ng mga lugar na daraanan niya upang siya'y makapaglakbay ng maayos at sulat para sa tagapangasiwa ng kagubatan ng hari para sa mga kahoy na kanyang kakailanganin.

Ang mapagpalang kamay ng Diyos ay na kay Nehemiah sapagkat ibinigay ng hari ang lahat ng kanyang kahilingan.

Pagdating ni Nehemiah sa Jerusalem, kinausap niya ang mga Israelita. Ipinaliwanag niya ang kanyang hanga-rin. Nakiisa agad ang mga Israelita sa kanya at sila ay nagtulong-tulong sa pagsasaayos ng mga pader at gate ng Jerusalem.

Kahit na may mga tagalabas na nanggugulo sa mga Israelita, hindi nagtagumpay ang mga taong ito sapagkat patuloy na nanalangin si Nehemiah sa Diyos.

Natapos ang pagtatayo ng gate at mga pader sa paligid ng Jerusalem sa loob ng limampu't dalawang araw dahil sa tulong ng Diyos. Ang mga Israelita ay nagdiwang at nagsaya.

D. Familiar Story

***Ano ang Dapat Gawin?***

Si Gem ay may mga magagandang gamit. Madalas siyang kainggitan ng kanyang mga kaklase. Minsan:

May: O, ayan na si Gemang mayabang. ‘Wag nyo yan papan-sinin.

*Lee*: Bakit naman May? Wala naman siyang ginagawang ma-sama sa iyo!

*May:* Wala nga. Eh, pero nakakainis siya. Lahat na yata ng magandang bagay nasa kanya.

*Lee:* Alam mo naiinggit ka lang, kaya ka ganyan. Masama ang maiinggit. Sabi ni teacher kasalanan yun.

*May:* Ay naku! Sesermunan mo pa ko. Kayo na lang ang mag- sama ng Gem na yan. Hmp! Makalayas na nga.

F. Gabay ng buhay

- Muling balikan ang kuwento.
- Bigyang diin na ang Diyos ang nagbigay ng kahusayan sa pagpapahayag kay Nehemiah kaya naman siya ay nagtagumpay sa kanyang hangarin sa muling pagtatayo o pagsasaayos ng pader.

G. Mabuting Mamamayan

- Ipaliwanag sa mga bata na ang kaalaman sa salita ng Diyos at pagkaunawa sa mga prinsipyong itinuturo dito ay makakatulong sa ating pang-araw-araw na pamumuhay.
- Kung alam natin ang mga prinsipyong tinuturo sa Bible magiging mahusay tayong sumagot at magpayo sa ating mga kaibigan.

H. Preventive Health Care — *First Aid Para sa Allergic Reactions*

- *Sintomas:* a) hirap sa paghinga; b) pamamaga ng mga labi, mukha at dila; c) posible rin ang pamumula, pamamaga at pangangati ng balat.
- *Mga Dapat Gawin:*

a) Tumawag agad ng doktor upang malunasan ang allergic reactions.
b) Tiyakin na kumportable ang biktima sa kanyang posisyon.
c) Obserbahan ang pasyente. Kung sakaling tumigil ito sa paghinga, bigyan ng CPR (Paalala: mga trained na tao lang ang dapat gumawa nito).

I. Homework — Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

Awit 54:4 – Tiyak na ang Diyos ang aking katulong, ang Panginoon ang umaalalay sa akin.

## Aralin 4 Ang Kabanalang Mula sa Diyos

Totoo: Mamuhay ng may kabanalan sapagkat ang Diyos ay banal at upang makita ang Panginoon sa ating buhay. Reference: Hebrews 12:14

Mabuti: Mag-aral at isabuhay ang salita ng Diyos.

Tama: Maging ehemplo ng pagiging tagapamayapa at mamuhay ng may kabanalan.

B. Motivation

- Tanungin ang mga bata kung ano ang kanilang nagiging reaksyon sa tuwing sila ay pinagsasabihan ng kanilang mga magulang kapag may pagkakamali silang nagagawa.
- Ipaalam sa kanila na ang kuwento ngayon ay patungkol sa taong masugid na nagpapaalala at nangangaral ng kung paano dapat mamuhay ang mga tao sa pamamagitan ng salita ng Diyos.

C. Bible story: **John the Baptist (Matt 3:1, 11:11-12, 14:2-8, Mark 6:14-25, Luke 7:20-33)**

Si John the Baptist ay nangangaral sa mga Judio sa disyerto ng Judea. Si John ang taong tinutukoy sa Lumang Tipan na magpapahayag sa mga Judio upang ihanda ang daan sa pagdating ni Jesus. Ang mga Judio na nagmula sa Jerusalem, Judea at palibot ng Jordan ay pumupunta kay John upang ipahayag ang kanilang mga kasalanan. Sila ay binautismuhan ni John bilang tanda ng kanilang tunay na pagsisisi.

Dumating din ang tamang panahon nang bautismuhan ni John ang Panginoong Jesus sa Jordan River.

Si Herod na hari nang mga panahong iyon ay takot kay John. Laging pinaaalalahanan ni John si Herod tungkol sa pakikisama niya kay Herodias, na asawa ng kanyang kapatid, dahil ito ay labag sa batas.

Si Herodias ay nagtanim ng galit kay John kaya ninais niyang patayin ito ngunit hindi niya magawa. Nang magdiwang ng kaarawan si Herod, sumayaw ang anak na babae ni Herodias. Lubos na nasiyahan si Herod kaya sinabi niya sa kanyang anak na maaari siyang humiling ng kahit na anong bagay at ito ay kanyang makakamtan.

Kaya dumating ang pagkakataon ni Herodias na gumanti dahil ipinahiling niya sa anak ang ulo ni John. Nang marinig ni Herod ang kahilingan ng anak na pugutan ang isang matuwid at banal na tao. Wala nang magawa si Herod kundi ipatupad ito. Si John the baptist ay pinugutan ng ulo.

D. Familiar Story

***Iyon ang Sinabi sa Sunday School***

Si Carmen ay palaging isinasama ng kanyang mga magulang sa pagsisimba tuwing linggo. Siya ay umaatend ng Sunday School kasama ang mga batang kaedad niya.

Tuwang-tuwa ang kanyang mga magulang dahil siya ay lumalaking may takot sa Diyos. Nakikita rin nila ang malaking pagbabago sa kanyang ugali. Pinaaalalahanan ni Carmen ang mga kaibigan na: Huwag magsinungaling.

Siya ay lumalaking isang responsableng bata. Kusa na din siyang tumutulong sa mga gawaing bahay. Para kay Carmen, si Jesus ang dahilan kung bakit nagkakaroon ng mga pagba-bago sa kanyang ugali at kilos. Dahil dito, nagiging mabuting impluwensya siya sa maraming bata.

F. Gabay ng buhay

- Muling balikan ang kuwento.
- Bigyang diin na ang Diyos lamang ang dahilan upang makapamuhay ng may kabanalan at katuwiran ang isang tao. Ibinigay ng Diyos ang kanyang salita upang maging batayan ng pamumuhay natin. Ito ay dapat alamin at isabuhay. Ang pag-aaral at pagsasabuhay ng salita ng Diyos ay mabuti.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na dapat tayo ay pagsimulan ng kapayapaan at hindi ng kaguluhan. Ipaalala ng dahil sa salita ng Diyos, nahuhubog tayo sa pagiging banal at mabuting bata. Mararanasan nila ito kung sila ay mag-aaral at ipapamuhay ang natututuhan nila sa salita ng Diyos.

**Aralin 5 Ang Pagtitiwalang Galing sa Diyos**

Totoo: Magtiwala at magpasakop sa plano ng Diyos sa iyong buhay.

Reference: Lucas 1:26-38

Mabuti: Magtiwala at sumunod sa sinasabi o inuutos ng Diyos.

Tama: Magpasakop sa mga nakatatanda sa pamamagitan ng pagtitiwala at pagsunod sa kanilang paalala.

B. Motivation

- Tanungin ang mga bata kung paano nila ipina-pakita sa kanilang mga magulang na sila ay nagtitiwala sa sinasabi nila. At nagtitiwala din ba sila sa Diyos.

C. Bible story: **Si Mary (Lucas 1:26-38)**

Isinugo ng Diyos si Angel Gabriel upang maghatid ng mensahe sa isang dalagang taga Nazareth na nagnganga-lang Mary.

Nagsalita ang anghel kay Mary at sinabing:

Ikaw ay kinalugdan ng Diyos. Manganganak ka ng isang lalaki at tatawagin mo siyang Jesus.

*Mary*: Dalaga ako. Paano mangyayari yun?

*Angel Gabriel:* Ikaw ay magdadalangtao sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Ito ay mangyayari dahil sa kapang-yarihan ng Kataas-taasang Diyos. Ang batang iyong ipa-panganak ay banal at tatawaging Anak ng Diyos. Maski ang iyong kamag-anak na si Elizabeth na kilalang baog ay anim na buwang nagdadalangtao.

*Mary:* Alipin ako ng Panginoon, mangyari nawa sa akin ang ayon sa iyong sinabi.

D. Familiar Story

***Si Ate Lily***

Si Tin ay mahilig maglaro at ang madalas niyang kalaro ay si Ate Lily. Tatlong taon ang agwat ng kanilang edad subalit para kay Tin ay magkaedad lamang sila ng kanyang ate. Kaya hindi niya masyadong pinapansin ang mga pangaral sa kanya ng kanyang ate.

Minsan, iniwan silang dalawa ni Nanay sa kanilang bahay. Ipinaalala ni Ate Lily kay Tin ang mga bagay na hindi niya dapat gawin. Subalit si Tin ay hindi nakinig, bagkos siya ay lumabas ng bahay at nakipaglaro sa kapitbahay.

Maya-maya ay biglang sumigaw ang kalaro ni Tin kaya napatakbo si Lily sa labas. Si Tin ay nahulog sa kanal.

Kinagabihan sa kanilang bahay..

*Nanay:* Ayan, sana naman matuto kang sumunod sa iyong ate.

*Tin:* Opo 'Nay. Susunod na po ako kay ate. Sori po. Sori ate

*Lily:* Okey! Tatandaan ko yang sinabi mo ha.

F. Gabay ng buhay

- Muling balikan ang maikling kuwento.
- Bigyang diin na mahalaga ang pagtitiwala sa Diyos. Kung tayo ay nagtitiwala sa Diyos dapat na tayo ay magpasakop at matutong sumunod sa kanyang kalooban.

G. Mabuting Mamamayan

- Tanungin ang mga bata kung anong mga kautusan o paalala ng bawat miyembro ng kanilang pamilya ang kanilang sinusunod.
- Bigyan diin na ang hindi nagpapahalaga sa mga paalala at sinasabi ng kanilang magulang o kung sinumang miyembro ng pamilya ay maaaring mapahamak. Dapat sa mga batang gaya nila ay matutong magtiwala at magpasakop sa mga nakatatanda sa kanila anuman ang edad

nito.

- Upang mapakita nila ang kanilang pagpapasakop sa mga nakatatanda sa kanila ay dapat matutong sumunod sa kanilang mga sinasabi ng walang pag-aalinlangan.
- Ang pagpapasakop sa mga nakatatanda ay mabuti. Ang mabuti ay nakapagbibigay kasiyahan sa Diyos kaya't ito ay tamang gawin.

H. Preventive Health Care — *First Aid para sa Pagkalason*

- Sintomas: a) pagkawala ng malay-tao; b) masakit na lalamunan; c) kakaibang amoy ng hininga; d) pagsusuka; e) nakakalat na bote o posibleng lalagyan ng nakalalasong bagay.
- *Mga Dapat Gawin:*

a) Tumawag agad ng doctor.
b) Huwag pasukahin ang biktima kung hindi rin lang sinabi ng doctor lalo na kung walang malay-tao ang biktima o kinukumbulsyon.
c) Kung kinukumbulsyon ang biktima, gawin ang mga sumusunod:

1. Siguraduhing walang nakabara sa daluyan ng paghinga ng biktima.
2. Kung hindi humihinga, bigyan agad ito ng CPR. Tandaan na ang CPR ay maaari lamang gawin ng mga taong na-train sa gawaing ito.
3. Luwagan ang damit ng biktima.
4. Pagkatapos ng kinukumbulsyon, ihiga patagilid ang biktima.

I. Homework

- Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

  Deuteronomio 11:1 – Ibigin ninyo ang Panginoon ninyong Diyos at sundin lagi ang mga hinihingi niya sa inyo, ang mga tuntunin, mga kautusan at mga tagubilin.

## Aralin 6 Ang Pagtitiwalang Nagbubunga ng Pagsunod

Totoo: Ang pagtitiwala at pagsunod sa Diyos ay mag-dudulot ng mabuting pangyayari
Reference: Kawikaan 3:5-6
Mabuti: Magtiwala at sumunod sa Diyos.
Tama: Sumunod ng buong puso at may kasiglahan sa mga magulang.

B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pagsunod kay Jesus.

C. Bible story: **Si Joseph (Mateo 1:16-24, 2:13-23)**

Si Joseph ay nakatakdang ikasal kay Mary, na pinili ng Diyos na magsilang ng sanggol na tatawaging Jesus. Si Joseph ay isang matuwid na tao kaya nang malaman niyang si Mary ay nagdadalang-tao, naisip niyang lihim na hiwalayan ang kasintahan upang hindi ito mapahiya.

Pinag-isipang mabuti ni Joseph ang kanyang balak. Siya ay kinausap ng Angel ng Diyos sa kanyang panaginip.

*Angel: Joseph huwag kang matakot na pakasalan si Mary, sapagkat mula sa Espiritu Santo ang kanyang ipapa-nganak. Lalaki ang magiging anak mo at papangalanan mo siyang Jesus.*

Nang magising si Joseph, sinunod niya ang sinabi sa kanya ng angel. Tinanggap niya si Mary bilang kanyang asawa.

Hindi sila nagsiping hanggang maipanganak si Jesus sa Bethlehem. Muling kinausap ng Angel ng Diyos si Joseph at inutusan siyang dalhin ang kanyang mag-anak sa Egypt at manatili muna doon.

Nang namatay na si Herod, kinausap muli ng Angel si Joseph at inutusang bumalik na sa Israel sapagkat hindi na nanganganib ang buhay ng kanyang anak. Ngunit sila ay nanirahan sa Nazareth sapagkat takot siya sa haring pumalit kay Herod.

D. Familiar Story:

***Magaling ang Masunurin***

Sina Andrew at Bernie ay magkapatid. Sila ay nagtu-tulungan sa lahat ng mga gawaing bahay na ipinapagawa sa kanila nina Tatay at Nanay. Sa simula ay masigla at masaya nilang ginagawa ang mga iniuutos ng kanilang mga magulang.

Subalit sa paglipas ng mga buwan, si Andrew ay tila nagsawa na at hindi na ginagawa ng maayos ang kanyang mga tungkulin. Madalas niyang hindi tinatapos ang kanyang mga gawain.

Isang gabi, dumating si Tatay mula sa trabaho. Marami siyang dalang pasalubong kaya excited sina Andrew at Bernie. Binigyan ni Tatay ng dalawang pasalubong si Bernie. Ang kay Andrew naman ay isa. Kaya si Andrew ay nagtaka at nagtanong.

*Andrew*: ‘Tay, bakit isa lang ang pasalubong ko?

*Tatay:* Anak, ang pagbibigay ko ng dalawang pasalubong kay Bernie ay hindi nangangahulugang mas mahal ko siya kaysa sa iyo. Mahal ko kayong dalawa. Kaya lang, napagmasdan namin ni Nanay na hindi ka nagiging tapat sa mga gawaing bahay na nakalaan sa iyo nitong mga nakaraang buwan. Nais naming matutuhan mo na ang pagiging masunurin at matapat sa ano mang bagay ay mayroong mabuting bunga katulad ngayon.

*Andrew:* Sorry po. Aayusin ko na po ang aking mga gawain sa susunod.

F. Gabay ng buhay
- Muling balikan ang maikling kuwento.
- Bigyang diin na mahalaga ang magtiwala at pagsunod ng buong puso sa Diyos.

G. Mabuting Mamamayan
- Ipaliwanag sa mga batang tulad nila ay dapat magtiwala at sumunod sa kanilang mga magulang ng buong puso sapagkat ito ang itinuturo ng salita ng Diyos.
- Ang mga batang sumusunod sa kanilang mga magulang ay magbubunga ng magandang pamumuhay. Ang pagsunod sa magulang ng may kagalakan ay mabuti at tamang gawin.

## Aralin 7 Magpursigi sa Pagsunod

Totoo: Ang mga nagtitiwala kay Jesus ay sumusunod sa kanya.
Reference: Juan 10:27
Mabuti: Sumunod sa mga gabay sa pamumuhay na itinuro ni Jesus.
Tama: Gumawa ng mga paraan kung paano mo maaalala ang mga kabutihang natututuhan mula sa salita ng Diyos.

B. Motivation — Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pagsunod kay Jesus.

C. Bible story: **12 Apostles (Mateo 10:1-4, John 6:1-14)**

Si Jesus ay naglalakad sa may tabing dagat ng Galilee. Nakita Niya ang magkapatid na Simon at Andrew. Naghuhulog sila noon ng lambat sa dagat sapagkat sila’y mangingisda. Tinawag sila ni

Jesus.

*Jesus*: Sumunod kayo sa akin, at gagawin ko kayong mangingisda ng mga tao.

Sumunod agad ang magkapatid kay Jesus. Mula doon ay nakita Niya sina James at John. Sila ay nasa bangka kasama ang kanilang amang si Zebedee na naghahanda na ng kanilang lambat.

Tinawag sila ni Jesus. Iniwan nila agad ang kanilang lambat at ang kanilang ama at sila ay sumunod kay Jesus.

Ang mga sumunod na tinawag ni Jesus ay sina Philip, Bartholomew, Matthew na tax collector, Thomas, James na anak ni Alphaeus, Simon the Zealot, Thaddaeus at Judas Iscariot, na nagtraydor sa Panginoong Jesus. Lahat silang tinawag ni Jesus ay sumunod sa Kanya.

Saan man magpunta si Jesus ay sumusunod sa Kanya ang 12 disipulo. Napagmasdan nila ang lahat ng mga himala na ginawa ni Jesus katulad ng pagpapalayas ng masasamang espiritu, magpagaling ng may sakit at mangaral ng salita ni Cristo.

Binalaan sila ni Jesus na sila ay makakaranas ng pagtatakwil, pagkakanulo, pisikal na pananakit at pag-uusig. Ngunit pinaalala rin Niya sa kanila na hindi sila dapat mabalisa o matakot. Sa kabila ng mga babala ni Jesus sa Kanyang mga disipulo, naging masigasig sila sa pagsunod sa lahat ng sinabi ni Jesus.

D. Familiar Story

***Isulat Upang Hindi Malimutan***

Unang araw ng klase at si Bea ay excited na. Mahalaga ang araw na ito dahil muli na naman niyang makikita ang kanyang mga dating kamag-aral.

Ngunit ang mas mahalaga talaga sa kanya ay ang maisulat niya ang lahat ng mabuting matututunan niya mula sa kanyang mga guro. Bitbit niya ang kanyang hindi mabitiwang notebook na sadyang dinisenyuhan ng kanyang Ina.

*Shiela:* Bea! Ano ba ‘yang isinusulat mo? Nagsasalita lang naman si Mam kanina ah? Wala namang siyang pinapasulat, pero ikaw walang tigil sa pagsusulat! Naku mukhang nagbago ka na yata.

*Bea:* Ah, eto ba? Kasi noong bakasyon sumali ako sa Daily Vacation Bible School sa amin. Sobrang saya roon at marami akong bagong bagay na natutunan. Binigyan ako ni Nanay ng notebook at sabi niya isulat ko raw ang mga mabubuting matututuhan ko sa ating klase para lagi kong maalala.

*Shiela:* Ganun ba? Naku, mukhang maganda nga yan.
Sasabihin ko kay Nanay gawan din niya ‘ko ng notebook!

F. Gabay ng buhay

- Muling balikan ang maikling kuwento.
- Bigyang diin na dapat pagsikapan na sundin ang mga kautusan ni Jesu Cristo gaya ng ginawa ng mga disipulo.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na dapat matuto sila ng salita ng Diyos, at kung maaari ay laging isusulat ang bawat natututuhan.
- Ginagawa ito upang hindi makalimutan at laging mapa-alalahan na ito ay dapat sundin. At kailangang sila ay magpursige na sumunod sa sinasabi ng salita ng Diyos.

H. Preventive Health Care — *First Aid para sa Burns o Paso*

- May tatlong uri ng pagkapaso:

a) <u>1st Degree Burn</u>—Ang apektadong bahagi ng balat ay mapula, maga at mahapdi. Sa mga ganitong pagkapaso, malimit ay hindi na kailangan pa ang magpunta sa doktor.

b) <u>2nd Degree Burn</u>—Ang apektadong bahagi ng balat ay mapula, may paltos at namamaga. Kailangan itong mapa-tingnan sa doktor.

c) <u>3rd Degree Burn</u>—Ang apektadong bahagi ay sugat-sugat at medyo maputi. Kinakailangang madala agad sa ospital ang biktima.

- *Mga Dapat Gawin:(1st Degree Burn at 2nd Degree Burn)*

a) Ilubog ang apektadong bahagi sa malamig na tubig hanggang sa tumigil ang pagsakit. Kung malaki ang bahagi ng balat na apektado, takpan ito ng malinis at malamig na tela. Kung may mga paltos, huwag itong butasin.

b) Kung hindi maaalis ang pananakit, lagyan ito ng cream o gel para sa paso at takpan ng gasa.

c) Kung malala ang pagkasunog ng balat, dalhin agad sa doktor. Huwag itong lagyan ng cream o gel. Takpan lang ng malinis at tuyong gasa.

- *Mga Dapat Gawin:(3rd Degree Burn)*

a) Dalhin agad ang biktima sa doktor.

b) Huwag takpan ang apektadong bahagi ng balat.

c) Huwag din itong lagyan ng cream o gel.

I. Homework

- Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

Juan 10:27 – Ang mga tupa ko'y nakikinig sa aking tinig; nakikilala ko sila at sila'y sumusunod sa akin.

**Aralin 8 Ang Mapagpatawad na Diyos**

Totoo: Pinapatawad ng Diyos ang mga kasalanan ng mga taong humihingi ng tawad sa Kanya. Reference: 1 Juan 1:9
Mabuti: Lumapit ng may kababaang loob, aminin ang kasalanan at humingi ng tawad.
Tama: Humingi ng tawad sa mga taong nasabihan ng masasakit na salita.

B. Motivation

- Tanungin ang mga bata kung nakaranas na sila na ang isa sa kanilang kaibigan ay ginawan sila ng mali at ano ang kanilang ginawa o kanilang naging reaksyon.

C. Bible story: **Si Peter (Matt, 4:18, 26:33-74)**

Si Peter ay isang mangingisda. Isang araw, habang ina-ayos niya ang kanyang lambat nakita siya ni Jesus,

*Jesus*: *Sumunod ka sa akin.*

Iniwan agad ni Peter ang kanyang lambat at sumunod kay Jesus.

Isang gabi, ang Panginoong Jesus kasama sina Peter at ang labing isang disipulo, ay nagwika ng ganito:

*Jesus*: Sa gabing ito kayong lahat ay lalayo sa akin at iiwan ako.

Nang biglang nagsalita si Peter

*Peter*: Panginoon, siguro iiwan ka nila, pero ako hindi kita iiwan kailanman.

*Jesus*: Peter sinasabi ko sa 'yo, bago tumilaok ang manok sa gabing ito, tatlong beses mong sasabihin sa mga tao na hindi mo ako kilala!

Matigas na sinabi nina Peter at ng mga alagad na hindi nila iiwan si Jesus. Isinama sila ni Jesus sa bundok ng Getsemane upang Siya'y manalangin. Maya-maya pa ay dinakip na si Jesus.

Sumunod nang palihim si Peter upang makita kung saan dadalhin si Jesus. Ngunit may nakakilala sa kanya....

*Bystander*: Di ba ikaw yong kasama ni Jesus?! Hindi noh!
Ikaw nga yon!!!

*Peter*: Hindi ako yun! hindi ko Siya kilala!

Tatlong beses niyang ipinagkaila si Jesus at pagkatapos ay tumilaok ang manok. Naalala ni Peter ang sinabi ni Jesus. Umalis siya sa lugar na iyon at lubos siyang tumangis dahil sa kanyang ginawa.

D. Familiar Story

***Nangako ako***

Si Carla ay labing dalawang taong gulang na grade six student. Madalas niyang napapansin ang tatlong bata na pasilip-silip sa mga klase at nakikinig sa mga teacher na nagtuturo sa kanilang eskuwelahan.

Naisipan niyang lapitan at tanungin ang mga bata kung ano ang kanilang ginagawa roon.

*Mga Bata:* Hindi pa kasi kami nakakapasok kahit minsan sa eskuwelahan kasi wala kaming pera sabi ni nanay.

Dahil sa matinding awa sa mga bata, naisip niyang puwede niyang turuan ang mga batang iyon. Ipinaalam ito ni Carla sa kanyang mga magulang at pumayag naman sila.

Kaya nang sumunod na linggo, tinitipon niya ang tatlong bata pagkagaling sa eskuwelahan at tinuturuan niya silang bumasa at sumulat. Madalas siyang yayain ng kanyang mga classmate para mamasyal ngunit hindi siya sumasama dahil naiisip niya ang mga batang umaasa sa kanya.

Minsan pinagsabihan siya ng kanyang kaibigan na si Rizza:

*Rizza:* Carla ano ka ba? Iwan mo nga muna yang mga batang yan. Wala ka namang bayad dyan eh. Sumama ka na sa amin para masaya.

*Carla:* Sa sabado na lang. Nangako ako sa mga batang ito na tuturuan ko sila. Ayoko silang mabigo. Mas masaya kung makakasama ko rin kayo sa pagtuturo ko sa kanila.

Hindi nagtagal, sumama ang mga classmate ni Carla sa pagtuturo sa mga bata. Nakita din nila kung gaano kahalaga ang ginagawa ng kanilang kaibigan para sa mga batang nais matuto.

F. Gabay ng buhay

- Muling balikan ang kwento.
- Bigyang diin na humingi ng tawad sa Diyos sa pamamagitan ng pananalangin.

G. Mabuting Mamamayan

- Tanungin sa mga bata kung sila ba ay marunong umamin ng kanilang pagkakamali.
- Alamin sa kanila kung ano ang una nilang ginagawa sa tuwing napapag-isipan nila ang

pagkakamaling kanilang ginagawa. (Hintayin ang kanilang sagot)

- Bigyan diin na ang paghingi ng tawad sa Diyos at sa taong nagawan ng kasalanan ay tamang gawin matapos mapagtanto ang pagkakamaling nagawa. Mabuti rin ang maging mapagpatawad sa taong nakagawa sa iyo ng pagkakamali.
- Kung paano tayong pinatawad ng Diyos ganun din tayo na maging mapagpatawad.

**Aralin 9 Tumulong sa Ating Kapwa**

Totoo: Tumulong at magbahagi sa mga nangangailangan. Reference: Hebrews 13:16
Mabuti: Tumulong sa mga nangangailangan.
Tama: Magbahagi ng mga gamit gaya ng pagkain, damit at gamot sa mga nasalanta ng trahedya.

B. Motivation

- Tanungin ang mga bata kung sa paanong paraan sila tumutulong sa kanilang kapwa.

C. Bible story: **Si Aquila at Priscilla (Gawa 18:2-4, 18:18-19, 18:24-26, Roma 16:3-5)**

Si Aquila na isang tunay na Judio ay napadpad sa lugar ng Corinto, kasama ang kanyang asawang si Priscilla. Nanini-rahan sila sa Rome ngunit sila, kasama ang iba pang mga Judio ay pinaalis dahil sa utos ng isang pinuno roon.

Ang mag-asawang Priscilla at Aquila ay manggagawa ng tolda. Nang si Paul ay mapunta sa Corinto nakilala niya ang mag-asawa at binisita niya ang mga ito. Iisa ang klase ng hanap-buhay nila kaya nagtulong-tulong sila sa paggawa ng tolda.

Kapag araw naman ng linggo si Paul ay nagtuturo ng salita ng Diyos sa mga kalapit lugar doon. Sina Aquila at Priscilla ay isinama ni Paul ng bumalik sa Ephesus.

Doon napakinggan nina Aquila at Priscilla ang isang lalaking nagngangalang Apolos, na nagtuturo rin tungkol kay Jesus.

Inimbita nila si Apolos sa kanilang tahanan at tinuruan at sinanay ng mag-asawa si Apolos tungkol sa maraming kato-tohanang tungkol sa tamang pamamaraan ng Diyos.

Madalas ang pagtitipon ng mga mananampalataya ay ginaganap sa tahanan ng mag-asawang Aquila at Pricilla. Ang mag-asawang ito ay sobrang nakatulong ng malaki sa buong iglesya ng Diyos at sa mga lingkod nito.

D. Familiar Story

***Salamat Kaibigan***

Si Charlene ay lumaki sa pamilyang masaya at palaging nagtutulungan sa lahat ng bagay, maliit man o malaki. Si Charlene ay mayroong kaibigang nakatira malapit sa may ilog. Siya ay si Midsy. Madalas silang magkasama sa kanilang paglalaro at kahit sa pag-uwi galing sa eskuwelahan.

Minsan dumating ang isang napakalakas na ulan at hangin na tumagal ng tatlong araw. Walang patid na nag-pray si Charlene sa kanilang bahay na wala sanang masamang mangyari sa pamilya ni Midsy dahil alam niyang delikado ang kanilang lugar.

Nang tumigil na ang pag-ulan, naalala ulit ni Charlene ang kaibigan niya. Niyaya niya ang kanyang tatay na samahan siyang magpunta kina Midsy. Nakita ng mag-ama na malaking bahagi ang nasira sa tinitirhan nina Midsy. Marami sa kanilang kagamitan ay nasira at mga damit na

inanod ng tubig. Hindi rin nila inabutan sina Midsy doon sapagkat lumipat sila sa bahay ng lola niya.

Pag-uwi ng mag-ama sa kanilang tahanan, napagkasun-duan nilang pamilya na magbibigay sila ng mga damit at pagkain sa kanyang kaibigan.

Nang magkita muli sina Charlene at Midsy:

*Charlene*: Midsy, para sa pamilya mo ang mga pagkaing ito. May mga damit din dyan. Luma nga lang pero maayos pa.

*Midsy*: Salamat sa inyong lahat Charlene!

F. Gabay ng buhay

- Muling balikan ang kwento.
- Bigyang diin na naipamalas ng mag-asawang Aquila at Priscilla ang pag-ibig nila sa Diyos sa pamamagitan ng pagtulong sa ibang tao anumang paraan na kaya nila.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyang diin na tama ang tumulong sa oras ng pangangailangan. Huwag mag-alinlangan na tumulong sa kapwa sa anumang oras o pagkakataon.
- Tandaan na ang pagtulong sa kapwa ay hindi lamang para sa mga mayayaman. Hindi rin ito sa paraan ng pagbibigay lamang ng pera. Maraming paraan ng pagtulong sa kapwa. Ang paglalaan ng oras, kakayanan at pananalangin sa kanila ay ilan pang mga halimbawa.
- Kalooban ng Diyos na kahit mga batang gaya nila ay matuto ng tumulong sa kapwa. Ang pagtulong nila ay maaari nilang simulan sa kani-kanilang mga tahanan. (Humingi ng mga pagkakataon na maaari silang tumulong sa kanilang mga kasambahay o magulang. Pakinggan ang kanilang mga sagot.)

H. Preventive Health Care — *Gamot na Halaman Para sa Lagnat*

a) Yerba Buena — Magpakulo ng 15 kutsara ng pinatuyong dahon sa 3 basong tubig hanggang sa maging 1 1/2 baso na lang ang natitirang tubig. Salain bago ipainom. Para sa matanda : 1/4 na baso ng pinaglagaang tubig ang iinumin tuwing ika 2 o ika 3 oras. Para sa batang 7-12 taon : 1/8 baso ng pinaglagaan.

b) Lagundi — Magpakulo ng 5-6 na tuyong dahon o 8-10 sariwang dahon sa 1 basong tubig sa loob ng 15 minuto o hanggang maging 1/2 na lang ang pinakukuluang tubig. Salain sa malinis na tela. Para sa matanda, 1/4 hanggang 1/2 baso ng pinaglagaang tubig tuwing ika-4 na oras. Kung may ubo, 1/2 para sa batang may lagnat o ubo, ang daming dapat inumin tuwing ika 4 na oras ayon sa edad ay ang sumusunod : 2-4 taon : 2-3 kutsarita; 5-8 taon: 1-2 kutsara; 9-12 taon: 3-4 kutsara.

c) Malunggay — Magpakulo ng 4-6 na kutsara ng tinadtad na kahoy sa 2 basong tubig sa loob ng 15 minuto o hanggang maging 1 baso na lang ang pinakukuluang tubig. Palamigin at salain. Uminom ng 1/4 na baso nito 3 o 4 na ulit mag-hapon.

I. Homework

- Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

Hebreo 13:16 – At huwag nating kalimutan ang paggawa ng mabuti, at pamamahagi sa iba, pagkat ang Diyos ay nalulugod sa ganitong mga handog.

**Aralin 10 Alamin ang Dapat Pahalagahan**

Totoo: Ang salita ng Diyos ay dapat unahin at pahalagahan.
Reference: Lukas 10:38-42
Mabuti: Pagpapahalaga sa salita ng Diyos.
Tama: Matutong mag-prioritize. Alamin ang mga gawain na dapat unahin at planuhin ang pagsasagawa nito.

B. Motivation — Alamin sa mga bata kung anong mga bagay ang kanilang pinagkakaabalahan at pinaglalaanan ng oras.

C. Bible story: **Mary at Martha (Lukas 10:38-42)**

Minsan habang naglalakbay si Jesus at ang kanyang mga alagad sila ay pumasok sa isang nayon.

Masaya siyang tinanggap roon ng isang babae na nagngangalang Martha sa bahay nito. Siya ay may kapatid na nagngangalang Mary.

Nang marinig ni Mary na nagtuturo si Jesus, naupo siya agad sa harap ni Jesus at nakinig.

Samantala, si Martha ay naging abala sa paghahanda upang pagsilbihan si Jesus at ang Kanyang mga alagad. Wala siyang makatulong sa paghahanda. Kaya naman siya ay lumapit sa Panginoon at sinabi..

*Martha*: Panginoon pakisabi naman po sa kapatid ko na tulungan ako!

Ngunit siya ay pinagsabihan ng Panginoon, *Martha, Martha, masyado kang abala sa maraming bagay, ngunit iisang bagay ang talagang kailangan. Pinili ni Mary ang mas mabuti, at hindi ito mawawala sa kanya..*

D. Familiar Story

***Ang Resulta***

Sa loob ng bahay, naroon ang buong pamilya Reyes. Silang lahat ay nasa hapag at kumakain..

*Nanay:* Anak, nakasalubong ko kanina si Ana. Ipinaaalala niyang dalhin mo raw bukas yun bahagi mo sa project ninyo. Malapit na pala iyon ipasa.

*Boyet:* Opo inay tatapusin ko na po ngayong gabi.

*Nanay:* Ano?! ngayong gabi mo palang tatapusin? Anak, may mga ka-grupo ka. Dapat iniisip mo din na nakadepende ang grades niyo sa bawat isa. Hindi ayos yan!

*Boyet:* Opo, inay, sorry po.

Magdamag inayos ni Boyet ang kanyang bahagi sa kanilang project. Tama si Nanay, dapat inisip niya ang mga kasamahan niya. Nahirapan siya ng sobra. Dahil dito, bigla pumasok sa isip niya ang : Sana hindi ko inuna ang pagha-hanap ng gagamba.

F. Gabay ng buhay

- Muling balikan ang kwento.
- Bigyang diin na dapat kahit bata pa sila ay unahin nilang basahin ang salita ng Diyos bago maglaan ng oras sa ibang bagay.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na dapat unahin ang mga gawaing mahalaga. Ang priority ng mga batang katulad nila ay ang mag-aral ng mabuti.

- Ipaalam sa kanila na kung ano ang kanilang pinaniniwalaan na mahalaga ay yun ang kanilang pahahalagahan kaya't yun ang kanilang gagawin.
- Kung naniniwala sila na mahalaga ang pag-aaral at pahahalagahan nila ito, uunahin nila ang pag-aaral kaysa sa paglalaro o kung ano pa man.
- Sa mga batang gaya nila ang pag-aaral ng salita ng Diyos, pag-aaral ng leksyon sa paaralan, pagtulong sa gawaing bahay ay ilan lamang sa mga gawain na dapat nilang isakatuparan.
- Kailangang matuto silang maglaan ng oras sa bawat isa upang walang makaligtaan na mahalagang gawain.

## Aralin 11 Maging Tapat na Kaibigan

Totoo: Maging tapat na kaibigan sa lahat ng pagkakataon. Reference: Mateo 26:14-49
Mabuti: Maging tapat sa iyong kaibigan.
Tama: Maging tapat na kaibigan. Huwag makiayon sa mga maling gawa nila kundi sa pamamagitan ng pagtatama nito.

B. Motivation

- Tanungin ang mga bata kung paano nila pinapakita ang kanilang katapatan sa kanilang mga kaibigan.

C. Bible story: **Si Judas Iscariot (Mateo 26:14-49)**

Si Judas Iscariot ay isa sa labing dalawang alagad ni Jesus. Isang araw, siya ay nakipagkita at nakipag-usap sa mga punong saserdote.

*Judas Iscariot:* Ano ang ibibigay ninyo sa akin kung tutulungan ko kayong madakip si Jesus?

Bumilang ang mga saserdote ng 30 pirasong salaping pilak. Mula noon humanap na si Judas Iscariot ng pagka-kataon upang madakip nila si Jesus.

Nang dumating ang Passover Feast, sinabi ni Jesus sa mga alagad, *katotohanan ang sinasabi ko, ipagkakanulo ako ng isa sa inyo.* At ang bawat isa sa kanila ay nagsabing, "Hindi ako iyon, Panginoon."

*Jesus*: Ang bibigyan ko ng tinapay matapos kong isawsaw sa mangkok ang siyang magtataksil sa akin.

Inabot ni Jesus ang tinapay kay Judas at sinabihang:

*Jesus*: Gawin mo na ang dapat mong gawin.

Umalis si Judas at nagpunta sa mga Punong Saserdote, upang ituro kung nasaan si Jesus. Iniabot nila kay Judas ang 30 piraso ng pilak at sinamahan niya sila sa Bundok ng Getsemane, kung saan matatagpuan si Jesus.

Nang mahuli na si Jesus at nakita ni Judas na si Jesus ay hinatulan na, bumalik siya sa mga Punong Saserdote. Ibinalik niya ang 30 pirasong pilak dahil nakaramdam siya ng matinding pagsisisi at inaming siya ay nagkasala. Ibinato ni Judas ang 30 pirasong pilak sa templo. Tumakbo siyang papalabas at nagpatiwakal.

D. Familiar Story

***Mabuti Nalang Hindi Mo Itinuloy!***

Habang nag-e-exam, may nagbubulungan sa likuran...

*Pilo:* Oh Benjie, kunin mo na ito at kopyahin! Tapos na ako. Sina Jimmy at Lop nakakopya na ng mga sagot kay Dina. He he, nasilip ni Carlo kanina.

Napatigil si Benjie at nag-isip habang hawak ang papel. Naisip niya: Kokopyahin ko ba ito?

Sige na nga .... Kaya lang sabi ni nanay masama ang mangopya.

Kinabukasan, pagpasok ng Teacher nila sa classroom:

*Teacher:* Pilo, Jimmy, Carlo, at Lop! Sumunod kayo sa akin.

Nagulat ang apat na bata. Sumunod sila sa Teacher at nagtungo sa Principal's office.

Nang uwian na, nagtanong ang ibang classmate nila kay Benjie:

*Classmate:* Benjie! Anong nangyari, nilaglag mo ba sila?

*Benjie:* Aba hindi ko maaaring gawin sa kanila iyon. Kung hindi ko naalala ang bilin sa akin ni Nanay, malamang ay nakasama din nila ako.

Sa isip ng mga classmates nila, tama ang ginawa ni Benjie.

F. Gabay ng buhay

- Muling balikan ang maikling kwento.
- Bigyang diin na dapat maging tapat at totoo tayong kaibigan sa lahat ng pagkakataon.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na ang batang matapat at matuwid ay hindi niya hahayaan na makiayon siya sa mga maling gawain.
- Ang tapat at totoo na kaibigan ay mapagkakatiwalaan. Hindi ka ilalagay sa alanganing sitwasyon o ilalagay sa kapahamakan.

H. Preventive Health Care **—** *"Mga Taong Makakatulong sa Problema sa Urinary System"*

- *Urologist* ang tawag sa doktor na espesyalista sa paggamot ng mga sakit sa urinary system at reproductive system ng mga lalaki.
- *Gynecologist* ang tawag sa doktor na espesyalista sa reproductive system ng mga babae at maaaring makatulong sa kanilang mga problema sa urinary system.
- *Urogynecologist* ang tawag sa gynecologist na espesyalista sa urinary system ng mga babae.
- *Nephrologist* ang tawag sa doktor na espesyalista sa paggamot ng mga sakit sa mga kidney.

I. Homework

- Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

Kawikaan 12:26 – Ang taong matuwid ay maingat sa paki-kipagkaibigan, ngunit ang daan ng masama ay nagwa-wakas sa pagkakaligaw.

## Aralin 12 Ang Salita ng Diyos ay Katotohanan

Totoo: Mapalad ang nagtitiwala sa Diyos at sa Kanyang salita.

Reference: Kawikaan 16:20

Mabuti: Magtiwala sa Diyos at sa Kanyang salita.

Tama: Makinig sa turo ng Diyos upang ikaw ay umunlad.

B. Motivation — Tanungin ang mga bata kung sino sa kanila ang may mga Bible sa bahay at kung gaano nila ito kadalas binabasa. Ipaalam sa kanila ang kahalagahan nito.

C. Bible story: **Nicodemus (Juan 3:1-21)**

Si Nicodemus ay isang Judio na may mataas na posisyon sa gobyerno. Isang gabi, pinuntahan niya ang Panginoong Jesus.

Sabi niya sa Panginoon, *"Alam ko na Ikaw ay isang guro na nagmula sa Diyos dahil walang makagagawa ng mga milagro na ginagawa mo kung wala ang Diyos sa iyo."*

Sinagot siya ni Jesus at sinabing, "*Katotohanan ang sina-sabi Ko, walang tao na makakakita ng kaharian ng Diyos hanggat hindi siya ipinapanganak na muli."*

*"Paano mangyayari 'yun kung matanda na siya? Hindi naman siya puwedeng pumasok sa tiyan ng kanyang nanay."*

Ito ang pagtatakang tanong ni Nicodemus. Sinagot ulit siya ng Panginoong Jesus pero mas lalo pang napag-isip si Nicodemus sa mga narinig niya.

Sinabi ni Jesus na sila ay tumitestigo sa alam nilang katotohanan at nakitang mga katotohanan pero hindi tinatanggap ng mga tao ang kanilang mga pinatototohanan. Kung sa mga simpleng bagay na Kanyang nilalahad ay hindi na sila naniniwala, paano pa kaya maniniwala ang mga tao kung Siya ay magsasalita patungkol sa mga makalangit na bagay.

At sa kahuli-hulihan sinabi pa ng Panginoon na, *Ganoon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sinumang magtiwala sa Kanya ay hindi mag-perish kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.*

Ang sinomang magtiwala kay Jesus ay hindi na huhus-gahan ngunit ang mga hindi magtitiwala ay hinatulan na sapagkat hindi siya nagtiwala sa pangalan ng bugtong na Anak ng Diyos.

D. Familiar Story

***Laging Tandaan***

Mag-uuwian na nang magbigay ng announcement si Teacher Christine.

*Teacher Christine:* Class basahin ninyo sa bahay ang pinag-aralan natin ngayon sa English. Bukas may recitation tayo.

*OPO!!* Sigaw ng lahat sabay labas ng classroom.

Nang maubos na ang mga estudyante, napansin ni Teacher Christine na nakaupo pa rin si Joan. Kaya nilapitan niya ang bata at....

*Teacher Christine:* Joan, uwian na, bakit andito ka pa?

*Joan:* Teacher natatakot po ako sa recitation bukas. Hindi na lang po ako papasok.

*Teacher christine:* Bakit ka naman matatakot? May problema ka ba?

*Joan:* Hindi ko po kasi maintindihan masyado ang ating pinag-aralan sa English. Baka po hindi ako makasagot sa tanong niyo

*Teacher Christine:* Yun lang pala eh, halika at sabihin mo kung ano ang hindi malinaw sa iyo.

Tinuruan nga ni Teacher Christine si Joan. Nagpasalamat si Joan sa kagandahang loob ng kanyang teacher.

F. Gabay ng buhay

- Muling balikan ang maikling kwento.
- Bigyang diin na mapalad ang nakakaunawa ng salita ng Diyos. Sa tuwing magbabasa ng Kanyang salita, kailangan humingi ng tulong sa Diyos upang ito ay maunawaan.

G. Mabuting Mamamayan

- Ipaalam sa mga bata ang pag-amin na hindi naunawaan ang isang bagay at ang pagpupursige na ito ay main-tindihan ay makakatulong sa kanila upang sila ay matuto.

## Aralin 13 Ang Diyos ang Kakampi Natin

Totoo: Ang pagtitiwala sa Panginoon ang magpoprotekta sa iyo mula sa kasamaan.

Reference: Awit 37:17

Mabuti: Magtiwala na ang Diyos ang ating tagapagtanggol.
Tama: Magtiwala at makinig sa iyong mga magulang upang hindi mapahamak.

B. Motivation

- Magpakita ng larawan ng sundalo. Tanungin ang mga bata kung ano ang trabaho o gawain ng sundalo.

C. Bible story: **King Herod (Mateo 2:1-20)**

Si Herod ang hari nang panahong isilang si Jesus sa Bethlehem Judea. Minsan may dumating sa kanilang lugar na mga Pantas na taga-silangan. Pinagtanong nila kung saan ipinanganak ang hari ng mga Judio?

Nais nilang pumunta doon upang sambahin Siya. Nalaman ito ni Haring Herod, kaya siya at ang buong Jerusalem ay natakot.

Ipinatawag niya ang mga saserdote at mga eskriba upang magtanong kung saan ipanganganak si Cristo. Sinabi nilang sa Bethlehem, kaya palihim na nakipagkita si Haring Herod sa mga pantas at sinabing:

*Herod*: Sige, hanapin ninyong maigi ang bata at kapag nakita na ninyo siya, sabihin ninyo sa akin upang ako ay makasamba din sa Kanya.

Nakita nga ng mga pantas ang bagong silang na si Jesus. Binalaan sila sa kanilang panaginip na huwag nang babalik kay Herod kaya sila ay dumaan sa ibang ruta pauwi sa kanilang bansa.

Napag-alaman ni Herod na siya ay napaglalangan ng mga pantas kaya naglabas siya ng utos.

*Herod*: Patayin ninyo ang lahat ng sanggol dalawang taon pababa sa buong lugar ng Betlehem!!

Ngunit hindi siya nagwagi sa kanyang masamang balak sapagkat nakaalis na si Joseph kasama ang kanyang mag-inang si Maria at si Jesus patungong Egypt.

D. Familiar Story

***Para Hindi Mapahamak***

Malapit si Reuben sa kanyang ama. Lagi siyang nakikinig sa lahat ng itinuturo sa kanya ng tatay niya. Ang madalas na itinuturo sa kanya ay ang mga daan sa kanilang lugar, kung saan mas ligtas dumaan, kung anong daan ang mas madaling makarating sa kanilang tahanan at kung ano-ano pa. Dahil dito madali siyang makarating sa kanyang gustong puntahan at makauwi nang mas maaga sa kanilang bahay.

Isang araw, pauwi na sila galing sa eskuwelahan, napadaan sila sa isang kalye na may mga nag-aaway at ang mga ito ay nagbabatuhan ng malalaking bato. Natakot na ang bawat isa sa kanila. Lumingon-lingon si Reuben at tinawag ang kanyang mga kaibigan.

Sa isip niya ay alam niya kung saan sila lulusot upang makaiwas sa mga nagbabatuhan. Maya-maya lang ay nakita na nila ang kalsadang patungo sa kanila. Masayang-masaya ang bawat isa. Mabuti nalang at si Reuben ay nakikinig at sumusunod sa lahat ng itinuturo sa kanya ng tatay niya. Hindi sila napahamak at nasaktan.

F. Gabay ng buhay

- Muling balikan ang maikling kwento.
- Bigyang diin na ang Diyos ang gumagawa ng paraan upang iligtas mula sa kapahamakan ang mga nagtitiwala sa Kanya.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na ang kanilang mga magulang ang ginagamit ng Diyos upang sila ay malayo at maiwas sa anumang kapahamakan.
- Mahalaga ang pakikinig at pagsunod sa mga magulang. Tandaan na sila ang ginagamit ng Diyos sa iyo ngayon upang ikaw ay maging ligtas.

H. Preventive Health Care — *Tamang Pag-inom ng Tubig*

- Nagagampanan ng tubig ang kanyang layunin sa ating katawan kung ito ay iniinom natin sa tamang oras at pamamaraan.

1. Uminom ng dalawang basong tubig pagkagising sa umaga upang makatulong sa paggising sa ating internal organs.
2. Uminom ng tubig 30 minutes bago kumain upang makatulong sa ating digestion.
3. Uminom ng tubig bago maligo sapagkat ito'y nakakababa ng ating blood pressure.
4. Uminom ng tubig bago matulog sapagkat ito'y nakaka-tulong makaiwas sa stroke o heart attack.
5. Uminom ng maligamgam na tubig matapos kumain.
6. Iwasan ang pag-inom ng malamig na tubig kung ang pagkaing kinain ay mamantika. Ang malamig na tubig ay nakakapag-solidify ng oil sa ating system na nagiging sanhi ng pag-clog sa ating mga arteries.

I. Homework

- Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

Kawikaan 37:17 – Sapagkat ang kapangyarihan ng masama ay mawawasak, ngunit ipagta-tanggol ng Panginoon ang mga matuwid.

**Aralin 14 Ang Diyos na Hindi Mapaghusga**

Totoo: Sinugo ng Diyos ang Kanyang anak upang iligtas ang sanlibutan, hindi hatulan.
Reference: Juan 3:17
Mabuti: Huwag manghuhusga.
Tama: Huwag pansinin ang mga panghuhusga ng ibang tao.

B. Motivation

- Alamin sa mga bata kung nagkaroon na ng pangyayari sa kanilang buhay na sila ay naparatangan ng walang katotohanan o kaya ay sila ang nanghusga ng ibang tao. Tanungin sila kung ano ang kinalabasan nito.

C. Bible story: **Pontius Pilate (Mateo 27:11-26, Lukas 23:1-5)**

Si Pontius Pilate ay gobernador ng Judea. Ihinarap sa kanya ng mga saserdote at matatanda ng bayan si Jesus, upang pahatulan sa kanya.

*Pontius Pilate*: Ikaw ba ang hari ng mga Judio?

*Jesus*: Ikaw na nga ang nagsabi.

*Mga Tao:* Isa kang sinungaling!! Nilalapastangan mo ang Diyos!"

Pista noon ng Paskuwa, at tuwing pista, nakaugalian na ng gobernador na magpalaya ng bilanggo, batay sa kung sino ang gustong palayain ng mga tao.

*Pontius Pilate:* Sino ang gusto ninyong palayain ko, si Bara-bbas o si Jesus na tinatawag ninyong Cristo?

Hindi nagsalita ang mga tao kaya muli siyang umupo sa kanyang trono. Ang asawa ni Pilate ay

nagpadala ng mensahe sa kanya. Sinasabi dito na huwag makialam si Pilate sa pagpaparusa sa isang taong walang kasalanan sapagkat siya ay nakaranas ng pagdurusa nang buong araw na iyon dahil sa isang panaginip tungkol kay Jesus.

Binuyo ng mga saserdote at matatanda ng bayan ang mga tao upang isigaw na palayain si Barabbas. Minsan pa silang tinanong ni Pontius Pilate kung sino ang gusto nilang palayain:

*Mga Tao:* Palayain si Barabbas!

*Pontius Pilate:* Ano ang gagawin kay Jesus na tinatawag ninyong Cristo? Ano ba ang kasalanan ng taong ito.

*Mga Tao:* Ipako sa krus!!!

Naghugas ng kamay si Pontius Pilate at sinabi sa mga tao:

*Pontius Pilate:* Wala akong kinalaman sa inosenteng taong ito. Ito ay inyong responsibilidad.

Kaya ipinahagupit niya si Jesus at ibinigay sa mga sun-dalo upang ipako sa krus. Si Barabbas ay kanyang pinalaya.

D. Familiar Story

***Huwag mo Silang Tularan!***

Ang magkapatid na Lussy at Ben ay madalas dumalaw sa kanilang Lolo at Lola. Tuwing hapon pagkagaling sa eskuwe-lahan ay bumibisita sila.

Isang araw, napansin ni Lussy ang mga pinsan nilang sina Leah at Boyet, na nakatira din doon, ay hindi tumutulong sa mga gawaing bahay. Nanonood lang sila ng t.v. habang kilos ng kilos ang dalawang matanda. Kinausap ni Lussy sina Leah at Boyet:

*Lussy*: Tumulong naman kayo sa paglilinis dito. Sina Lola pa ang kumikilos sa labas.

*Leah*: E bakit ba? Sa amin nga di kami kumikilos, dito pa Sumisipsip ka na naman

*Boyet*: Oo nga, sipsip!

*Lussy:* Puwede siguro yun sa bahay niyo. Pero nakikitira kayo ngayon dito. Dapat matuto kayong makisama.

Napansin ni Lussy na tinalikuran na siya ng kanyang pinsan kaya niyaya na niya si Ben na.....

*Lussy:* Ben, halika na at tulungan muna natin si Lolo sa labas.

*Ben:* Ate, bakit sila ganoon?

*Lussy:* Ewan ko Ben. Basta ‘wag mo silang gagayahin.

*Ben:* Oo, hindi naman yan ang itinuro sa atin nina Nanay.

F. Gabay ng buhay

- Muling balikan ang maikling kwento.
- Bigyang diin na hindi tama ang manghusga. Ang Diyos la-mang ang makagagawa nito sapagkat Siya ang nakakaalam ng lahat at makapangyarihan.

G. Mabuting Mamamayan

- Sabihin sa mga bata tandaan nila na hindi mabuti at tama ang magparatang ng walang katotohanan sa ating kapwa dahil hindi ito naaayon sa kalooban ng Diyos at hindi ito nagbibigay kasiyahan sa Kanya.
- At dahil ang Diyos ay makatarungan, may katapat na parusa para sa mga taong mapanghusga.

**Aralin 15 Sabihin ang Mabuting Balita**

Totoo: Mapalad ang mga nakikinig sa salita ng Diyos at tumutupad nito.
Reference: Lucas 11:28
Mabuti: Makinig at sundin ang salita ng Diyos.
Tama: Magsabi ng katotohanan sa lahat ng pagkakataon.

B. Motivation — Tanungin ang mga bata kung ano ang naalala nila tuwing mahal na araw. Alamin din sa kanila kung ano ang kahalagahan para sa kanila ng kaganapang ito. Bigyan ng maikling paliwanag ang kahalagahan ng pangyayaring ito.

C. Bible story: **Mary Magdalene (Mateo 28:1-10)**

Ang ilang Saserdote ay nagpunta kay Pontius Pilate dahil naalala nila ang sinabi ni Jesus na Siya ay muling mabu-buhay pagkaraan ng tatlong araw.

Sinabi nila kay Pilate na pabantayan nito nang mabuti ang libingan ni Jesus sapagkat baka kunin ng mga alagad ang katawan ni Jesus at sabihin sa mga tao na si Jesus ay nabuhay nga muli. Kaya pinalagyan ng bantay ang libingan ni Jesus.

Madaling araw ng lunes, nagpunta si Mary Magdalene at ang isa pang Mary sa libingan ni Jesus. Biglang nagkaroon ng malakas na lindol pagdating nila sa libingan. Bumaba mula sa langit ang isang Anghel ng Panginoon at pinagulong ang takip ng libingan ni Jesus saka naupo sa ibabaw ng malaking bato.

Ang kanyang mukha ay  nakakasilaw na tulad ng kidlat at kasimputi ng busilak ang kanyang damit. Nanginig sa takot ang mga bantay at bumulagta na parang patay.

Ipinakita sa kanila ng Anghel ang loob ng libingan ni Jesus na wala nang laman. Inutusan sila ng anghel na ibalita ito sa mga alagad ni Jesus at makikita nila si Jesus sa lugar ng Galilee. Umalis agad sina Mary Magdalene.

Magkahalong takot at galak ang kanilang naramdaman.  Ngunit habang sila ay nasa daan at nagmamadaling pun-tahan ang mga alagad, sinalubong sila ni Jesus at binati.

Agad nilang nilapitan si Jesus, at niyakap ang kanyang mga paa. Sinabi ni Jesus" *Huwag kayong matakot! Sabihin mo sa aking mga kapatid na lalaki na magpunta sila sa Galilee at makikita nila ako roon."* Sumunod agad sina Mary Magdalene sa sinabi ni Jesus.

D. Familiar Story

***Huwag na huwag***

Tuwang-tuwa ang pamilya De Guzman sa kanilang bun-song si Ally. Pangarap nitong maging newscaster sa pag-laki niya. Pitong taon pa lang siya ngunit nakikita na ang kanyang talento.

*Ally*: Ito po si Ally De Guzman, nagbabalita. Magandang gabi sa inyong lahat!

*Ally:* "Nay, sa tingin niyo po ba magiging magaling na reporter ako?

*Nanay:* Aba syempre anak, lalo na kung totoo, tama at mabuti ang iyong ibabalita. Ang pagiging tapat sa iyong pagba-balita ang iyong magiging susi. Huwag kang papayag na bayaran ka para lang pagtakpan ang kasinungalingan.

*Ally:* Eh, 'Nay, paano po pag malaki ang ibabayad sa akin,  huwag ko lang silang kalabanin? Sayang naman 'yun nay.

*Nanay:* Huwag kang manghinayang sa malaking pera kung kapalit naman nito ang iyong integridad. Higit sa lahat, ang Diyos ang dapat mong i-please at hindi ang iyong sarili o ibang tao.

*Ally:* Ganoon po ba? Hindi-hindi ko po kakalimutan ang turo niyo sa akin 'Nay.

F. Gabay ng buhay

- Muling balikan ang kuwento.
- Bigyang diin na tulad ni Mary Magdalene, dapat ay maging excited palagi tayong ikuwento sa iba ang tungkol sa kabutihan ni Jesus para sa lahat at ibahagi ang Kanyang mga kautusan upang makilala nila ang Panginoon at maging tagasunod Niya.

G. Mabuting Mamamayan

- Tandaan na ang pera o pagsusuhol ay ginagamit ng tao upang mahadlangan ang katotohanan. Ito ay nangyayari sa ating kapaligiran ngayon. Ang pagbibigay ng lagay sa isang kapatid o kaibigan para huwag isumbong ang maling ginawa ay isa lamang halimbawa nito.
- Ang pagbabaligtad ng kuwento upang hindi mapahamak ang isang may kasalanan na ang kapalit ay pera ay siyang laganap sa ating society.
- Ipaalala na kung nakikinig at tinutupad nila ang salita ng Diyos hindi nila maiisip na baligtarin ang katotohanan. Ang pagbaligtad ng katotohanan ay pagsasabi ng kasinu-ngalingan. Ang pagsisinungaling ay mali. Ang pagtanggap ng suhol para magsinungaling ay hindi tamang gawain. Ang mga gawaing ito ay hindi nakapagbibigay ng kasiyahan sa Diyos.

H. Preventive Health Care **—** *Pangangalaga sa Urinary System*

1. Kumain ng masustansyang pagkain.
2. Uminom ng walo o higit pang baso ng tubig araw-araw.
3. Panatilihin at laging maghugas ng kamay.
4. Kapag may naramdaman kang kakaiba sa iyong katawan tulad ng pananakit ng tiyan at hirap sa pag-ihi, kaagad na kumonsulta sa doktor.
5. Ang palagiang pagpapaeksamen ng iyong ihi sa pamamagitan ng urinalysis ay makatutulong sa pagsubaybay mo sa istatus ng iyong urinary system.

I. Homework

- Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

Lucas 11:28 – Ngunit sumagot siya, “Higit na mapalad ang mga nakikinig sa salita ng Diyos at tumutupad nito!”

## Aralin 16 Pag-ibig ang Susi ng Lahat

Totoo: Ibigin ang kapwa gaya ng iyong sarili. Reference: Mateo 22:39
Mabuti: Ibigin ang kapwa.
Tama: Ibigin ang kababayan sa pamamagitan ng pagtangkilik sa produkto ng kanilang negosyo.

B. Motivation

- Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pag-ibig ng Diyos.

C. Bible story: **Lazarus (Abraham’s bosom) (Lucas 16:19-31)**

May isang lalaking mayaman na laging nagdaramit ng mamahalin at saganang-sagana sa lahat ng bagay. Sa kanyang pintuan naman nakalupasay ang isang pulubi na ang pangalan ay Lazarus.

Tadtad ng sugat ang buo niyang katawan. Naghahangad siya ng pagkain kahit na ang mga tira-tira lang na nahuhulog sa lamesa ng mayamang lalaki. Doo’y nilalapitan siya ng mga aso ng mayamang lalaki at dinidilaan ang kanyang mga sugat.

Namatay si Lazarus at dinala siya ng mga Anghel sa piling ni Abraham. Namatay rin ang mayamang lalaki at siya’y inilibing. Sa gitna ng kanyang pagdurusa sa impiyerno, tumi-ngala ang mayaman at kanyang natanaw sa malayo si Abraham, kapiling si Lazarus. Kaya’t siya’y sumigaw:

*Mayaman*: Amang Abraham, maawa kayo sa akin. Utusan niyo po si Lazarus na ilubog sa tubig ang kanyang daliri at palamigin ang aking dila sapagkat nahihirapan na ako sa apoy na ito.

*Abraham*: Anak, alalahanin mong nakuha mo ang maga-gandang bagay sa lupa nang nabubuhay ka pa, saman-talang si Lazarus ay puro kahirapan. Si Lazarus ay inaaliw ngayon at ikaw naman ay nagdurusa. At saka may isang bangin sa pagitan natin kaya hindi pwedeng pumunta dito ang nariyan at di pwedeng makapunta riyan ang narito.

*Mayaman*: Kung ganon, papuntahin niyo nalang po si Lazarus sa bahay ng aking ama upang mabalaan ang lima ko pang kapatid na lalaki. Ayaw kong mapunta rin sila sa lugar na ito ng paghihirap.

*Abraham*: Nasa kanila ang sulat ni Moses at ang mga Propeta, doon sila makinig.

*Mayaman*: Kung makakakita sila ng namatay na pupunta sa kanila, magsisisi sila.

*Abraham*: Kung hindi sila maniniwala sa mga propeta at sa sulat ni Moses, hindi rin sila makikinig kahit na ang isang patay ay muling mabuhay.

D. Familiar Story

***Alalahanin rin Natin Sila***

Sa tahanan ng pamilya Cruz...

*Beth:* Mama, di po ba footsock po iyong tawag sa ginagawa nila lolo?

*Mama:* Oo anak, bakit mo naitanong?

*Beth:* Kasi po may nagtitinda rin ng mga ganoon doon sa Manila nang pumunta kami ni papa. Sobrang mahal po ng presyo nila, halos doble kaysa dito sa atin. Hindi po ba iyon masama?

*Mama:* Kasi anak, kinukuha pa nila sa malalayong lugar ang mga paninda nila. Gumagastos sila sa kanilang mga pamasahe. Siyempre, ikakarga nila 'yon sa presyo nila. Isasaalang-alang din natin ang quality ng material na ginamit. Iba din ang presyo sa Manila at sa probinsya.

*Beth:* Ganun, po ba mama?

*Mama:* Oo anak. Kailangan ring maintindihan natin ang mga bagay na iyan. Suportahan natin ang ating mga kaba-bayang maliliit na negosyante.

F. Gabay ng buhay

- Muling balikan ang kuwento.
- Bigyang diin na dapat matutong maging mapagmahal at mahabagin ang bawat isa sa kanilang kapwa. Maipapakita nila ito sa pamamagitan ng pagtulong sa iba.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyang diin na ang pagmamahal sa kapwa ay hindi lamang ipinamamalas sa mga kapamilya o kaibigan. Ito rin ay dapat na ipinamamalas sa ibang tao gaya ng mga kababayan natin.
- Ipaalala sa mga bata na dapat isaalang-alang ang kapa-kanan at sitwasyon ng iba at hindi lamang ng sarili.
- Tandaan na hindi kailangan hintayin na ang isang tao ay dumanas ng kahirapan o trahedya para maipakita ang pagmamahal sa kanila. Ito ay dapat na ginagawa sa lahat ng pagkakataon na mayroon ka.

**Aralin 17 Laging Handa ang Anak ng Diyos**

Totoo: Maging handa na isagawa ang kalooban ng Diyos sa lahat ng pagkakataon.
Reference: Tito 3:1
Mabuti: Isakatuparan ang kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng paggawa ng mabuti.
Tama: Maging handa sa lahat ng pagkakataon. Makinig at sumu-nod sa mga paalala at babala ng mga may awtoridad.

B. Motivation

- Alamin sa mga bata kung sila ay laging handang tumulong sa ibang tao at magbigay ng isang pagkakataon o sitwa-syon na nangyari ito.

C. Bible story: **Si Philip (Gawa 8:26-40)**

Sinabi ng Angel ng Panginoon kay Philip na pumunta siya sa daang patungong Timog papunta sa lugar ng Gaza. Luma-kad nga si Philip at nasalubong niya sa daan ang isang Eunuch na taga–Eutopia. Siya ay patungong Jerusalem upang sumamba.

*Lapitan mo ang karwaheng iyon at sabayan mo,* ang sabi ng Espiritu kay Philip.

Patakbong nilapitan ito ni Philip at narinig niyang nagba-basa ang Eunuch mula sa aklat ni Propeta Isaiah.

*Philip*: Nauunawaan niyo po ba ang inyong binabasa?

*Eunuch*: Paano ko mauunawaan ito? Maliban na lang kung may magpapaliwanag nito para sa akin.

Inanyayahan ng Eunuch si Philip na sumakay at maupo sa tabi niya. Binasa ng Eunuch ang isang bahagi ng kasulatan *"tulad ng tupang dinala sa patayan, at tulad ng korderong walang imik sa harap ng manggugupit, gayon hindi Siya nagbuka ng Kanyang bibig, hinamak Siya at pinagkaitan ng katarungan. Sinong makakapagsabi ng Kanyang angkan? Sapagkat kinitil ang Kanyang buhay sa ibabaw ng lupa*."

*Eunuch*: Sino ba ang tinutukoy ng propeta dito, ang kanya bang sarili o ang ibang tao?

Mula sa binasa ng Eunuch, ipinahayag ni Philip ang ma-gandang balita tungkol kay Jesus. Habang naglalakbay sila:

*Eunuch*: Narito ang tubig, bakit hindi mo pa ako bautismuhan?

Pinahinto ng Eunuch ang karwahe, bumaba sila at lumu-song sa tubig. At pag-ahon nila, kinuha ng Espiritu ng Diyos si Philip at hindi na siya nakita ulit ng Eunuch. Galak na galak ang Eunuch na nagpatuloy sa kanyang paglalakbay.

Si Philip ay natagpuang naglalakbay sa Azotus, nanga-ngaral ng ebanghelyo sa bawat bayan hanggang Ceasaria.

D. Familiar Story

***Magtiyaga na lang tayo***

"Mga kabarangay, nais ko pong sabihin sa inyo na sa mga susunod na dalawang araw ay magkakaroon ng pang-kalahatang pagtigil ng supply ng tubig sa ating barangay, dahil sa nasirang tubo na siyang dinadaanan ng tubig sa ating barangay. Ito ay resulta ng nakaraang bagyong si Lundoy. Mag-ipon at magtipid tayo sa tubig sa ating mga tahanan. Pagpasensyahan po ninyo ang bagay na ito." Iyon ang inanunsyo ng mobile ng barangay Maasim.

Maraming nangungutay pagkatapos ng anunsyo: *Anu ba yan?! Tigilan na kasi ang pangungurakot.*

*Ebok:* Ang dami talagang reklamo ng mga tao dito! Kung kelan umalis na ang mobile ng barangay, tsaka nagsasalita. Umuwi na nga tayo at tumulong sa ating mga magulang para mag-ipon ng tubig.

*Rex:* ‘Wag na! Tara na sa ilog at maligo. Diba usapan na natin yan?

*Ton-ton:* Oo nga naman! Sa ilog na lang tayo maligo kapag nawalan ng tubig ng dalawang araw.

*Ebok:* Hindi pwede, walang magagamit ang ating mga magu-lang, sa pagluluto, paghuhugas ng plato at sa marami pa. Wala din tayong iinumin. Maiinom ba natin ang tubig sa ilog?

Nag-isip-isip sila Rex at Ton-ton.

*Rex:* Tama ka Ebok. Uwi na tayo.

Samantala, ang iba nilang mga kaibigan at mga kaba-rangay ay hindi pinansin ang anunsyong iyon.

F. Gabay ng buhay

- Muling balikan ang maikling kuwento.
- Ipaalam na ang pagiging handa ni Philip ay ang pagiging maalam niya sa salita ng Diyos. Kaya ang mga batang tulad nila ay dapat din maging handang makipag-usap sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin at pagbabasa ng Bible.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na ang pakikinig sa babala at pagsunod sa sinabi ng mga opisyal ng lugar ay mahalaga sapagkat sa pamamagitan nito ay magiging handa ang kanilang mga nasasakupan. Ang pagiging handa ay makakaiwas sa anu-mang problema o masamang epekto na idudulot nito.
- Ipaalam na inutos ng Diyos na ang mga nagtitiwala sa Kanya ay dapat magpasakop sa awtoridad. Ang pagpa-pasakop ay may kinalaman sa pagsunod sa anumang ipag-utos nito na hindi labag sa utos ng Diyos. Kalooban ng Diyos na tayo ay makinig at sumunod sa kanila. Ang mga nagtitiwala sa Diyos ay dapat laging handang sumunod at gumawa ng tama.
- Tandaan na bagamat bata pa sila ay maisasabuhay na nila ang kalooban ng Diyos kung magiging mabuti silang taga-sunod na mamamayan na laging handa.

H. Preventive Health Care — Paglilinis ng sugat

- Kahalagahan – upang maiwasan na maimpeksiyon ang sugat na maaaring kumalat sa katawan.
- Tamang paraan:

1. Kung ang sugat ay mababaw, patigilin muna ang pagdu-dugo sa pamamagitan ng pagtakip sa sugat gamit ang malinis na tela o bulak.
2. Hugasan ang sugat gamit ang malamig na tubig at sabon pampaligo. Sabunin lamang ang paligid ng sugat at huwag ang mismong sugat.
3. Lagyan ng antibiotic ang sugat.
4. Kung ang sugat ay malalim at hindi tumitigil sa pagdudugo dalhin ito sa pinakamalapit na clinic at baka kailangan tahiin.

I. Homework

- Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

Tito 3:1 – Paalalahanan mo ang mga kapatid na pasakop sa mga pinuno at mga may kapang-yarihan, na maging masunurin at handa sa paggawa ng anumang bagay na mabuti.

## Aralin 18 Ang Diyos ang May Kontrol sa Kalikasan

Totoo: Ang Diyos ang may kontrol sa lahat ng kanyang nilikha.
Reference: Awit 24:1-2
Mabuti: Magtiwala na ang Diyos ang may kontrol sa lahat ng kanyang nilikha.
Tama: Manalangin at magtiwala sa Diyos na Siya ang magliligtas sa iyo sa oras ng mga sakuna.

B. Motivation

- Tanungin ang mga bata kung may napapanuod silang mga balita na mga kalamidad na nangyayari sa dagat.
- Alamin sa kanila kung ano ang kadalasang kinahihinatnan nito.

C. Bible story: **Si Pablo (Gawa 27:13-44)**

Si Paul ay isang mangangaral ng mabuting balita tungkol kay Jesus sa iba't-ibang lugar. Siya ay nabilanggo rin dahil dito. Si Paul, kasama ang iba pang mga bilanggo, ay dinala sa Italy. Hindi maganda ang panahon noon kaya sinabi ni Paul:

*Paul*: Kapitan! hindi tayo dapat tumuloy sa paglalayag dahil masama ang sasapitin ng ating barko sa bagyo at manganganib ang ating mga buhay!

Ngunit hindi siya pinakinggan ng kapitan ng mga bilanggo. Nang sila ay nasa dagat na, humampas ang napakalakas na hangin. Wala silang magawa kundi magpatangay nalang sa bagyo. Inihulog nila sa dagat ang kanilang mga kagamitan.

Matagal nilang hindi nakita ang araw at mga bituin. Halos mawalan na sila ng pag-asa at dahil sa kabalisahan ay hindi makakain. Nagpakita ang Angel ng Panginoon kay Paul.

*Angel*: Huwag kang matakot. Dahil sa iyo walang isa mang mamamatay sa inyo.

Ang mga tauhan sa barko ay nagtangka nang tumakas. Sinabi ni Paul sa lahat,

*Paul*: Huwag na kayong mabalisa! Kumain kayo upang mag- karoon kayo ng lakas at makaligtas.

Dumampot si Paul ng tinapay at nagpasalamat sa Diyos at kumain. Lumakas ang loob ng lahat at sila'y kumain rin.

Dahil sa lakas ng alon, nasira ang harapan ng kanilang barko at sumadsad ito sa may bundok ng buhangin. Tinang-kang patayin ng mga kawal ang mga bilanggo upang hindi sila makatakas. Hindi ito pinahintulutan ng kapitan. Bagkos, pina-talon niya ang marurunong lumangoy at ang iba'y pinagamit ng tabla upang makaligtas. Natupad ang sinabi ng Panginoon kay Paul na wala ni isa man sa kanila ang mamamatay.

D. Familiar Story

***Ang Galing Talaga ni Jesus!***

Ang kalangitan ay madilim na sa Baryo Makulimlim kahit alas diyes palang ng umaga. Naglalakad ang magkaibigang Toni at Ency:

*Ency**:*** Naku Toni, mukhang uulan na! Yes! Sarap maligo sa ulan.

*Toni**:*** Naku huwag sanang umulan!!!

*Ency**:*** Oh..Oh...Kontrabida ka rin noh? Bakit ayaw mong umulan? Ang sarap-sarap kayang maligo sa ulan.

Dala pala ng kuya ni Toni ang project niyang bahay na gawa sa karton at kapag umulan tiyak na masisira ito.

*Ency**:*** Naku problema nga yan. Pero mukhang hindi na mapi-pigilan ang ulan Toni, anong gagawin

mo?

*Toni:* Magpi-pray ako. Sabi ni Tatay ang Diyos ang lumikha ng lahat ng bagay sa mundo, kaya siya rin ang may kontrol dito. Ipagpi-pray kong huwag munang umulan hangga't wala pa si kuya.

Pagdating sa bahay nila, nakabantay na si Toni sa may bintana nila. Nananalangin na sana ay makarating na ang kuya niya. Nakalipas ang isang oras, lalong dumidilim ang kalangitan.

Hindi pa rin nawawalan ng pag-asa si Toni. Tuloy ang pananalangin niya. Maya-maya'y nakikita na niya ang kuya niyang mabilis na naglalakad sapagkat nagsisimula nang pumatak ang ulan. Tamang-tama bumuhos ang malakas na ulan pagpasok ng kuya sa pinto. Pinakinggan ng Diyos ang prayer ni Toni!

F. Gabay ng buhay

- Muling balikan ang kuwento.
- Bigyang diin na ang Diyos ang may likha ng lahat kaya't Siya na manlilikha ang may kontrol sa Kanyang mga nilikha.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyang diin na sa anumang panganib kailangang alam natin na ang lalapitan ay ang Diyos na makapangyarihan sapagkat Siya ang magliligtas sa atin at sa ating mga mahal sa buhay kung malagay man sa anumang sitwasyon.
- Ipaalam sa kanila na sa tuwing maraming napipinsala dahil sa mga kalamidad, hindi nangangahulugan na walang kontrol ang Diyos. Ang mga pangyayari ay dahil na rin sa kapabayaan ng tao. Ito ay nangyayari upang matuto ang tao sa kanyang mga maling desisyon.

## Aralin 19 Kalikasang Napapakinabangan

Totoo: Pinagkaloob ng Diyos ang ating mga pangangailangan sa pamamagitan ng kalikasan.
Reference: Genesis2:8
Mabuti: Pagyamanin ang kalikasang pinagkaloob ng Diyos.
Tama: Magtanim sa bakuran upang may anihin at makain.

B. Motivation

- Magpakita ng larawan ng isang puno. Tanungin ang mga bata kung anong mga bagay ang nagmumula sa puno na kanilang napapakinabangan.

C. Bible story: **Zacchaeus (Lucas 19:2-8)**

Pagpasok ni Jesus sa Jerico, nabalitaan ito ni Zacchaeus na mayamang pinuno ng mga tax collector. Gusto niyang makita at makilala si Jesus. Si Zacchaeus ay maliit na tao at napakaraming tao sa daraanan ni Jesus. Siya ay umakyat sa Sycamore tree.

Nang nasa tapat na ng puno si Jesus, Siya ay tumingala at sinabing: Zacchaeus, bumaba ka agad. Kailangan kong tumi-gil sa inyong bahay ngayon. Nagmamadali at tuwang-tuwang tinanggap ni Zacchaeus si Jesus sa kanyang tahanan.

Nakita ito ng lahat, kaya nagbulong-bulungan ang mga ito....

*Bystander 1:* Nakikituloy siya sa bahay ng makasalanan?

*Bystander 2:* Oo nga!

Narinig ito ni Zacchaeus, bigla siyang tumayo at sinabi:

*Zacchaeus*: Panginoon, ngayon din po ay ibibigay ko sa mga mahihirap ang kalahati ng aking

kayamanan. At ibabalik ko po ng apat na ulit ang halaga sa sinumang dinaya ko!

*Jesus*: Dumating ngayon sa bahay na ito ang kaligtasan, pag-kat anak din ni Abraham ang taong ito. Sapagkat naparito ang Anak ng Tao upang hanapin at iligtas ang mga nawala.

D. Familiar Story

***Kaysarap kumain sa tanim kong gulay!***

"Ang pagkain ay madali sa batang mahilig magtanim!"

Madalas pinanonood ni Bobot ang kanyang lolo habang ito ay nagdidilig ng mga tanim niyang sitaw. Mahilig kumain si Bobot at paborito niya ang sitaw. Makikita naman ang ebidensya sa napakalusog na katawan niya.

Isang araw, dumating si Tiya Isabel na dating kaklase ng kanyang Nanay. Sa sobrang kasabikan nila sa isa't-isa napasabak sila sa walang katapusang kuwentuhan. Maya-maya habang masayang tinitignan ni Bobot ang magkaibigan:

*Bobot**:*** Tiya Isabel paumanhin lang po. 'Nay alas onse na po, sarado na ang palengke.. Hindi po tayo nakapa-malengke.

*Nanay**:*** Naku! Oo nga naman, hindi ko namalayan ang oras. Naku paano iyan, anong uulamin natin ngayon? Isabel pasensya ka na ha. Daing lang ang ipakakain ko sa iyo. Naku paano ba ito!

*Bobot**:*** Nay, may mga bunga na po ang sitaw na tanim ni lolo sa likod ng bahay! Eh, masarap po ang daing at sitaw.

*Nanay**:*** Tama ka anak. Mag-aadobong sitaw tayo. Halika anak, tulungan mo ako maghanda! Isabel diyan ka muna.

Magmula rin noon lagi na siyang sumasama sa kanyang lolo para magtanim.

F. Gabay ng buhay

- Muling balikan ang kuwento.
- Bigyang diin na ang kalikasan ay nilikha ng Diyos upang mapagkaloob ang ating mga pangangailangan.

G. Mabuting Mamamayan

- Tandaan natin na malaki ang naitutulong ng likas na yaman sa atin. Sa pagkain, materyales, gamot at marami pang iba. Iyan ang dahilan kaya nilikha iyan ng Diyos.
- Ipaalam sa mga bata na kalooban ng Diyos na pagyamanin at maging kapaki-pakinabang sa atin ang Kanyang mga nilikha.

H. Preventive Health Care - Tamang pananamit

- Kahalagahan – ang pananamit ng naaayon sa panahon at temperatura ay mahalaga. Ang damit na ating sinusuot ay nakakaprotekta at panatili ng tamang temperatura ng katawan.
- Mga paalala:

1. Magsuot ng makapal na damit at mahaba ang manggas sa tuwing malamig ang panahon upang mapanatili ang tamang init ng katawan.
2. Magsuot ng magagaan at *light-colored* na damit tuwing mainit ang panahon upang hindi ito mag-absorb ng init mula sa araw na siyang magiging sanhi ng pagtaas ng tempe-ratura ng katawan.
3. Magpalit ng pang-itaas kung basa na ito ng pawis upang hindi magkasakit.
4. Gumamit ng sumbrero o kahit anong maaaring pangpro-tekta sa ulo tuwing mainit ang sikat ng

araw.

5. Huwag mag-ulit ng damit na nagamit na upang maiwasan magkaroon ng masamang amoy sa katawan.

I. Homework

- Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman.

Genesis 2:8 – Naglagay ang Diyos ng isang halaman sa Eden, sa dakong silangan, at doon dinala ang taong Kanyang nilalang.

**Aralin 20 Kalikasang Nakatutulong sa Lahat**

Totoo: Gamitin ang mga kalikasang pinagkatiwala sa atin ng Diyos sa pagtulong sa mga nangangailangan. Reference: Gawa 4:32-37
Mabuti: Ibahagi ang mga bunga na napapakibangan mula sa kalikasang nilikha ng Diyos.
Tama: Huwag maging madamot at magbahagi sa ibang tao.

B. Motivation

- Gamit ang larawan ng puno na ipinakita noong nakaraang session.
- Alamin mula sa kanila na kung sila ay nagkaroon ng pagkakataon na magkaroon ng isang lupaing hitik sa mga punong kapaki-pakinabang ano ang kanilang gagawin sa mga ito.

C. Bible story: **Si Barnabas (Gawa 4:32-36)**

Si Barnabas ay isang Levite na taga-Cyprus. Ang kahu-lugan ng kanyang pangalan ay “Anak ng matulungin.”

Ipinagbili ni Barnabas ang kanyang bukid. Ang pinagbilhan nito ay ibinigay niya sa mga Apostol, upang maipamahagi pa sa mga nangangailangang kapwa nila mananampalataya at magamit rin sa pagtulong sa iba pang tao.

Dahil sa kagandahang loob na ipinakita ni Barnabas, ang bawat mananampalataya ay nagkaisa sa puso’t isip para sa lahat ng bagay.

Ang lahat ng kanilang ari-arian ay itinuring nilang para sa lahat. Dahil dito hindi sila pinabayaan ng Diyos at lahat sila’y pinagpala.

Wala isa man sa kanila ang naghirap sapagkat sila’y nagtu-tulungan lalo na sa oras ng pangangailangan.

D. Familiar Story

***Magtatanim na rin Ako !***

Araw-araw laging maagang gumigising si Mang Tomas, upang magpunta sa kanyang munting halamanan na nasa gilid ng kanyang bahay. Napakarami niyang mga tanim na gulay rito. May mga puno din ng mangga, sampalok, kamiyas at santol.

Maraming natutuwa sa kanyang mga tanim sapagkat sila ay nakikinabang sa mga bunga nito. At siyempre pa, mayroon ding naiinggit.

*Aling Beng:* Tomas, magandang umaga sa ‘yo. Maari bang makahingi ng bunga ng sampalok
*Mang Tomas:* Sige, kumuha ka lang diyan!
*Aling Beng:* Salamat ha. Napakasuwerte mo talaga sa lupang ito! Lahat ng itanim mo ay nabubuhay at magandang mamunga! Kung sa ‘kin napunta ang lupang iyan, mayaman na ako. Siguradong maibebenta ko ito sa malaking halaga.

*Mang Tomas:* Ay naku Aling Beng, hindi dahil sa suwerte kaya maganda ang mga tanim ko. Dahil sa aking pagtitiyaga at pagsisipag kaya ako pinagpapala.

Napag-isip-isip ni Aling Beng na tama ang sinabi nito. Kaya naman nagsimula na rin siyang magsipag sa pagtatanim. Naisip din niyang nakakahiya ang ugaling hingi ng hingi samantalang may lugar naman siyang pagtatamnan.

F. Gabay ng buhay

- Muling balikan ang kuwento.
- Tandaan na mahalagang isaisip na ang lahat ng meron tayo ay biyayang mula sa Diyos. Ito ay pinagkatiwala niya sa atin upang gamitin ng wasto.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyang diin na habang sila ay bata pa matuto na silang magtanim at mag-alaga ng mga halaman sapagkat gaga-wing mabunga ng Diyos at ito ay pagpapalain.
- Kalooban ng Diyos na tayo ay magtanim upang may anihin. Ang pagtatanim ay mabuti.

© Revised 2018

All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Institute, Inc.